Espesyal na Ulat:

MARUMING GERA LABAN SA MGA BATA

Malalalang paglabag ng AFP at PNP
sa mga karapatang-bata at espesyal na proteksyon
sa mga bata sa ilalim ng
internasyunal na makataong batas
(2020-2022)

ANG Bayan

Nobyembre 20, 2022

Pambungad

Inililimbag ng Ang Bayan ang espesyal na ulat na ito tungkol sa mga paglabag ng mga armadong pwersa ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (pangunahin na ang Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police) sa karapatan ng mga bata sa ilalim ng internasyunal na makataong-batas at sa ilalim ng umiiral na mga patakaran at protokol na nagbibigay sa kanila ng espesyal na proteksyon. Kapansin-pansin ang pagdami at paglala ng mga pagyurak na ito sa karapatan ng mga bata kasabay ng pag-igting ng maruming gera ng AFP at PNP na sinimulan sa ilalim ng rehimeng Duterte at patuloy na pinatitindi sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Sa paghahanda ng ulat na ito, kapansin-pansin na lubhang kulang ang dokumentasyon tungkol sa karapatan ng mga bata. Upang mabuo ang mga datos para sa ulat na ito, binalikan at sinuyod ng mga mananaliksik ang lahat ng mga ulat na natanggap at nailathala sa mga pahina ng Ang Bayan o lumabas sa mga pahayag o publikasyon sa mga rehiyon. Ang ulat na ito ay nakapokus sa mga taong 2020-2022, habang patuloy na sinisikap na buuin pa ang impormasyon sa mga nagdaang taon. Sisikaping mailabas ito sa lalong madaling panahon.

Sa pagsusulong ng rebolusyonaryong digma para sa pambansang kalayaan at demokrasya, kinikilala at itinataguyod ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan ang pangangailangan pangalagaan ang interes, kagalingan, at mga karapatan ng mga bata sa gitna ng gera. Kaugnay nito, inilimbag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), sa pamamagitan ng NDFP Human Rights Monitoring Committee, ang kanyang Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children (Deklarasyon at Programa ng Pagkilos para sa mga Karapatan, Pangangalaga at Kagalingan ng mga Bata) noong Hulyo 1, 2012. Buong-buong sinusuportahan at itinataguyod ng PKP at BHB ang deklarasyong ito.

Itinaon ng Ang Bayan ang paglalabas ng espesyal na ulat na ito sa Pandaigdigang Araw ng mga Bata ng United Nations noong Nobyembre 20 sa layuning ituon ang pansin ng lokal at internasyunal na organisasyon, ahensya at institusyon na nagtataguyod sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, laluna sa mga karapatan ng mga bata, sa kalunos-lunos na dinaranas ng mga bata sa gitna ng maruming gera ng AFP at PNP.

Sa harap ng walang habas na pasistang pagyurak sa kapakanan ng mga bata, dapat magkaisa ang lahat at palakasin ang tinig upang sama-samang ipagtanggol at pangalagaan ang mga bata, habang isinusulong ang digma para sa kanilang kinabuksan.

Malalalang paglabag ng AFP at PNP sa mga karapatang-bata at espesyal na mga proteksyon sa bata sa ilalim ng internasyunal na makataong batas

Walang sinasanto ang Armed Forces of the Philippines at Philippine National Police sa maruming gerang kontra-insurhensya nito laban sa rebolusyonaryong kilusan. Sa iba't ibang bahagi ng bansa, target ng mga sundalo at pulis ang isa sa pinakabulnerableng seksyon ng lipunan—ang mga sanggol at bata.

Tumindi ang mga paglabag kasabay ng pagragasa ng pandemyang Covid-19 at pagpataw ng pasistang *lockdown* sa bansa. Ginamit ng mga armadong pwersa ng estado ang pagkakataon para okupahin ang mga komunidad at ilunsad ang malawakan at masisinsing operasyong militar. Ilampung mga kaso na ng paglabag sa mga karapatang-bata ang naiulat sa Ang Bayan mula 2020 hanggang kasalukuyan. Gayunpaman, malayong di kumpleto ang talaang ito dahil marami sa mga kaso ng pambibiktima sa mga bata ay hindi hiwalay na nadodokumento o naiuulat.

Masaklaw ang mga paglabag sa mga karapatang-bata at espesyal na proteksyon sa kanila sa ilalim ng internasyunal na makataong batas. Kabilang sa malalalang paglabag ang pwersahang pagpapatigil sa kanilang pag-aaral, pananakot, pang-aaresto at detensyon, pwersahang pagpapabakwit, pwersahang pagpapasurender, paggamit sa mga operasyong kombat, paggamit bilang pananggalang, pang-aalipin, sekswal na pang-aabuso at karahasan, pananakit, tortyur at bigo at tahasang pagpaslang. May mga kaso rin ng pagtugis, pagdukot at pag-*hostage* ng mga sanggol at maliliit na bata, sa tabing ng "pag-rescue" ng Department of Social Work and Development, para piliting "sumuko" ang mga magulang nilang pinaghihinalaang mga myembro ng BHB.

Pagpaslang at bigong pagpaslang sa tabing ng mga “engkwentro”

Pinakahuling mga kaso ng pagpaslang sa mga bata ay ang halos magkasunod na kaso ng pag-atake ng mga sundalo laban sa mga sibilyan sa mga prubinsya ng Negros Oriental at Batangas noong Hulyo. Napatay si Everly Kee Jacolbe, 16, nang salakayin ng 62nd IB ang kubong tinitigilan niya at ng kanyang buntis na ina na si Christine sa Barangay Trinidad, Guihulngan City noong Hulyo 26, 2022. Sa Batangas, binaril ng 59th IB ang 9-taong gulang na si Kyllene Casao, habang pauwi siya at ang kanyang ama sa Barangay Guinhawa, Taysan noong Hulyo 18, 2022. Sa dalawang kasong nabanggit, kapwa pinalabas ng AFP na namatay ang mga bata at kasama nilang nakatatanda sa mga gawa-gawang engkwentro sa pagitan ng mga yunit ng AFP at BHB.

Sa Oriental Mindoro, tinamaan ng bala at napatay ang isang bata sa walang pakundangang pamamaril ng 4th IB at PNP-SAF sa bahay ni G. Inyab sa Sityo Tauga Daka, Barangay San Vicente sa bayan ng Roxas noong Hulyo 3, 2022. Sadyang pinaulanan ng bala ng mga pulis at sundalo ang bahay sa tahasang pinagbibintangang tagasuporta ng BHB ang mga Mangyan-Buhid na nakatira doon.

Dalawang bata, edad 9 at 12, ang napatay sa pamamaril ng 8th ID sa Barangay Roxas, Catubig, Nothern Samar noong Pebrero 8, 2022. Kasama ang dalawang bata sa grupo ng mga magsasaka na napagkamalan ng mga sundalo na mga Pulang mandirigma. Imbes na saklolohan, tumalilis ang mga sundalo sa lugar nang hindi tiniyak kung sino ang kanilang nabaril. Huli na nang makuha ng mga residente ang mga bata at hindi na sila umabot nang buhay sa ospital. Isa pang bata ang nasugatan at naagapan. Para pagtakpan ang kanilang krimen, ikinalat ng mga sundalo na ang mga bata ay biktima ng *crossfire* o napagitna sa armadong sagupaan sa pagitan ng AFP at NPA, at na ang mga Pulang mandirigma ang nakabaril sa mga bata. Ayon sa pahayag ng BHB, wala sila sa pinangyarihan at ang naunang sagupaan ay nangyari ilang kilometro mula sa lugar.

Sa Kabankalan City, Negros Occidental, patay din ang 15-taong gulang na bata na taga-Barangay 1 dulot ng pamamaril ng militar.

Noong Hunyo 15, 2021, pinatay ng mga elemento ng 3rd Special Forces Battalion at pinalabas na "child soldier" o batang sundalo si Angel Rivas, 12. Pinagbabaril siya, kasama ang lima pang mag-aabaka, nang matunugan sila ng mga sundalong nanghahalihaw sa bukid. Dalawa pa ang napatay sa insidente, kabilang ang pinsan ni Rivas.

Sa Maguindanao, namatay sa impeksyon ang 6-taong gulang na si Saad Abdulkadir Tumbi noong Pebrero 14, 2021. Tinamaan siya ng *splinter* ng *mortar* na sumabog sa labas ng kanilang bahay sa Barangay Sambulawan, Datu Salibo, Maguindanao. Nagmula ang *mortar* sa mga kanyon na pinasabog ng 6th ID sa kanilang komunidad noong Disyembre 13, 2020. Isa pang bata ang nasugatan sa naturang pambobomba.

Alas-3 ng hapon nang dinakip, pinahirapan at kalauna'y pinatay si Aldren Faburada, 17-taong gulang, sa Sityo Kansampo, Barangay Bagtic, La Libertad, Negros Oriental noong Marso 15, 2021. Binaril si Faburada malapit sa lugar kung saan nagkaroon ng engkwento sa pagitan ng mga yunit ng BHB at AFP. Napadaan lamang siya dito dahil kumuha siya ng modyul mula sa kanyang titser.

Tinamaan naman ng bala ang isang 10-taong gulang na bata sa Barangay Indalasa, Malaybalay City, Bukidnon noong Oktubre 16, 2020, sa gitna ng walang pakundangang pamamaril ng 88th IB. Kasama siya ng kanyang mga magulang na nag-aani noon ng mais. Tinamaan siya sa paa.

Dalawa pang bata ang muntik nang tamaan sa pag-iistraping ng mga elemento ng 3rd Special Forces Battalion sa mga bahay sa Barangay Buhisan, San Agustin, Surigao del Sur noong Oktubre 28, 2020.

Target ng mga operasyong kombat

Laksa-laksang bilang ng mga bata ang biktima ng mga nakapokus na operasyong militar na inilunsad ng AFP para “durugin” ang armadong kilusan. Sadya silang tinatarget, kasama ng kanilang mga magulang, sa hinalang mga “tagasuporta” sila ng BHB. Kasa-kasama sila sa napipilitang magsiksikan sa mga *evacuation center*, kundiman magtago sa kagubatan, para umiwas sa pananalasa ng militarisasyon.

Sa Bukidnon, pitong tinedyer ang biktima ng operasyong kombat ng 16th IB noong Nobyembre 14-19, 2020. Kabilang dito ang 17-anyos na si Ruben Dano na inabutan ng mga sundalo na nagpapastol ng kalabaw noong Nobyembre 19, 2020 sa Sityo Dulapong, Barangay Balangigay sa bayan ng Kitaotao. Tinutukan siya ng baril at paulit-ulit na binugbog. Limang araw siyang pinwersang maggiya sa operasyong kombat ng mga sundalo. Nakabalik lamang siya sa kanyang baryo matapos igiit ng kanyang pamilya na pakawalan siya. Isa pang tinedyer ang kinulata ng mga sundalo matapos nito.

Sa parehong barangay, matinding troma ang inabot ng mga batang nakasaksi sa pananakot at pambubugbog ng mga sundalo sa kanilang ama na si Loloy Corales at kanilang tiyuhing si Archie noong Nobyembre 12, 2020. Sa araw ding iyon, dalawang tinedyer ang tinutukan, tinakot at ipinailalim sa interogasyon ng mga sundalo sa Barangay Dalurong, Kitaotao. Sa sobrang takot, nahimatay ang mga bata. Isa pang tinedyer ang tinadyakan matapos tumangging ibigay ang kanyang selpon sa mga sundalo. Dala-dala nila ang troma sa mga karanasang ito hanggang ngayon.

Sa Leyte, limang bata, kasama ang isang maysakit noon na *meningitis*, ang pwersahang kinuha ng mga sundalo ng 93rd IB sa kanilang bahay sa Carigara noong Nobyembre 13, 2020. Dinakip ng mga sundalo ang kanilang inang si Nora Dionaldo, kasama ang kanilang nakatatandang kapatid na si Ernie. Sinalakay ng mga sundalo ang kanilang bahay sa hinalang myembro ng BHB ang kanilang ama na si Edencio. Dinala ng mga sundalo ang mga bata sa upisina ng DSWD.

Sa isang ulat mula sa Southern Tagalog noon ding 2020, di bababa sa siyam na bata, edad 3-buwan hanggang 17-taon, ang napilitang "umatras" sa gubat kasama ang kani-kanilang mga pamilya. Ito ay matapos gawin silang target ng mga sundalo kung saan pilit "pinasusurender" ang kanilang mga magulang at kamag-anak. Dahil ilang ulit na silang lumilikas tuwing may balitang may parating na militar, bakas na sa kaisipan ng mga bata ang takot kapag nakaririnig ng salitang "sundalo." Malaki ang pangamba ng isa sa mga dalagita, edad 14 , na "maligawan" o "gawing asawa" ng militar.

Paghaharing militar sa mga komunidad

Hindi sinaklaw ng lockdown ang mga operasyong kombat at psywar ng AFP at PNP. Nagamit pa ng mga ito ang mga tsekpoynt at mando para sa "stay-at-home" para mabilis na itayo ang mga detatsment, kontrolin ang kilos ng populasyon sa kanayunan at lalupang pahigpitin ang paghaharing militar sa inokupa nitong mga komunidad. Sa mga lugar na ito, walang pakundangan ang paggamit ng mga sundalo sa mga bata sa kanilang mga operasyon.

Nitong taon, iniulat ng National Democratic Front sa Eastern Visayas ang malawakang paggamit ng mga sundalong permanenteng nakaistasyon sa iba't ibang baryo sa Catubig at katabing bayan ng Las Navas sa mga bata sa kanilang mga operasyong *psywar*. Inalok nila ang mga bata rito ng kendi, *junk food*, pera, laruan at iba pa, kapalit ng kanilang "pag-espiya" sa mga residenteng target na gipitin o likidahin. Sadya nilang isinasama ang mga bata kapag nagpapatrulya sa paligid ng baryo bilang kanilang pananggalang. Nagkakampo rin sila sa mga eskwelahan, *day care center*, *health center*, *barangay hall* at iba pang sibilyang istruktura na malimit dayuhin ng maraming bata.

Sa Bicol, ipinatutupad ng PNP-Bicol ang Batang Iwas Droga Advocates, isang manipis na tabing sa programang kontra-insurhensya nito sa rehiyon. Gamit ang programang ito, ineengganyo ng mga pulis at sundalo ang mga bata na magbigay impormasyon kaugnay sa kanilang

kaibigan at kamag-anak na pinaghihinalaang bahagi ng rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit nila ang mga bata para sa pwersahang pagpapasurender sa mga sibilyan.

Higit dito, mismong mga bata ang pwersahang pinasusurender ng AFP.

Noong Hunyo sa taong ito, may mga batang idineklara ng 94th IB bilang mga "sumurender" sa Barangay Carabalan, Himamaylan City, Negros Occidental.

Sa Masbate, kasama ang 18 bata sa pinalabas ng 2nd IB na "sumuko" na 500 "myembro ng BHB" noong Hulyo 19, 2021.

Hindi ligtas kahit ang mga bata sa kasyudaran. Sa Caloocan City, kasama ang 150 bata at kabataan na ipinarada noong Setyembre 21, 2022 bilang mga kasapi ng mga organisasyong "left-leaning," na "sumurender" at gustong "magsisi" at "magbalik-loob." Idinaos ang aktibidad ng lokal na gubyerno, pulis at ibang ahensya ng gubyerno. Binigyan sila ng tig-isang sakong bigas kapalit ng kanilang paglahok.

Mayroon ding paisa-isang pinalalabas na "sumurender." Sa Bicol, isang 16-taong gulang ang dinukot ng 83rd IB noong Pebrero 1, 2021 sa Barangay Toytoy, Garchitorena, Camarines Sur at paglao'y ipinagkalat sa *social media* bilang isang "batang mandirigma" na "sumurender." Itinago siya ng militar sa kanyang mga magulang at ilang linggong ginawang *hostage* sa upisina ng DSWD. Isa pang bata ang dinukot ng mga sundalo sa naturang bayan.

Noong Hunyo 28, 2021, inaresto ng 22nd IB ang dalawang bata, sina Althea, 2-taon, at Janrex, 13-taon, kasama ang kaniyang tiyuhin na si Alvin Mapula sa Barangay Bulawan, Bulan, Sorsogon. Nang hinanap sila ng kanilang pamilya, inaresto rin ang lahat ng tumungo sa kampo militar, kasama ang apat pang bata na may edad 4-13 na taon.

Sa Pinamalayan, Oriental Mindoro, limang araw na ginawang hostage si Karla May Rivera at ang pamilyang Andal na pinagtatrabahuan niya. Pwersahang pinasusuko noon ng 203rd IBde at pulis si Rivera, 17-gulang, at estudyante ng senior high school.

Pagtugis sa mga “anak ng BHB”

Sa Himamaylan City, inaresto at ininteroga ng 94th IB noong Nobyembre 14, 2022 si Jelca Ariola, 16-taong gulang, sa Sityo Suba-Suay, Barangay Mahalang sa paratang na mga kasapi ng BHB ang kanyang mga magulang. Pauwi galing eskwelahan ang dalagita nang lapitan ng mga sundalo ng 94th IB at dalhin sa detatsment. Pinakawalan lamang siya matapos ang ilang oras na pambabanta na labis niyang ikinatakot.

Noong Abril 22, 2022, aktibong tinugis ng 100 sundalo ng 94th IB ang dalawang bata, edad 2-buwan at 2-taon, sa Barangay Carabalan at Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental sa layuning dukutin at gamitin silang hostage para pasukuin ang magulang nilang pinaghinalaang mga Pulang mandirigma. Apat na bahay ang hinalughog ng mga sundalo sa operasyong ito. Karagdagang 21 bata ang nadamay matapos mapwersang magbakwit ang mga residente sa naturang mga barangay nang gipitin sila ng mga sundalo.

Noong Mayo 12, 2021, inagaw ng 10 sundalo ng 203rd IBde at 41st IB si “MJ,” isang 4-taong gulang na lalaki mula sa mga nag-aalaga sa kanya sa Sityo Ambuyan, Barangay Pitogo, Rizal, Occidental Mindoro. Pwersahang isinakay sa SUV ang bata na nag-iiyak at nagpupumiglas habang tinutukan ng baril ang mga nag-aalaga sa kanya. Si MJ ay anak ni Emilia Marquez, isang manggagawang pangkalusugan, na inaresto noong 2017 habang pinagagamot niya sa MJ (noo’y 1-buwan pa lamang) sa sakit na meningitis.

Sa ilang kaso, kamatayan ang kinahantungan ng pagmamalupit ng mga sundalo sa mga bata. Kasama dito ang pagkamatay noong Pebrero 14, 2021 ni Baby Carlen, isang-buwang sanggol at anak ng detenidong pulitikal na si Nona Espina, dulot ng kumplikasyon sa baga at impeksyon sa dugo. Inihiwalay siya sa kanyang ina tatlong araw matapos siya ipinanganak. Iligal na inaresto si Espina at walo pa noong Setyembre 2020 sa Guihulngan, Negros Oriental.

Pokus: Panggagahasa at intimidasyon

Iniulat ng Kalatas, rebolusyonaryong pahayagan ng mamamayan ng Southern Tagalog, ang pagdukot at panggagahasa ng mga elemento ng 201st IBde sa 15-anyos na si "Belle" noong Hulyo 27, 2020 sa Pagbilao, Quezon. Si "Belle" ay anak ng isang kilalang lider ng Anakpawis at Gabriela sa bayan ng Mulanay.

Matapos siya ikulong sa kampo, dinala at idinetine siya sa upisna ng DSWD sa Lopez at matapos ng ilang panahon ay inilipat sa bahay ng isang pulis. Sa salaysay ni "Belle," nagmakaawa siyang pauwiin pero sinabihang manahimik na lamang at kung hindi ay papatayin siya at kanyang pamilya.

Kinilala ang dumukot at nanggahasa kay "Belle" na Leoben Julita, isang aset at tauhan ng 59th IB. Ang yunit na ito ng militar ang matagal nang nananakot at naghahasik ng kaguluhan sa mga bayan ng Macalelon, Lopez, Catanauan at General Luna, lahat sa Quezon.

Ayon sa nakuhang ulat ng Karapatan-Quezon at testimonya ni "Belle", ginahasa at sapilitang siyang pinaaamin na kasapi ng mga maka-kaliwang grupo. Siniraan ng militar ang kanyang ina at pinilit na magdala ng selpong pangmanman na may GPS tracker pag-uwi niya.

Dulot ng tromang natamo niya, nagtangkang magpakamatay si Belle matapos ang panggagahasa sa kanya. Nagsampa ang pamilya ng mga kaso ng panggahasa, *serious illegal detention with rape, violence against women and children* at mga paglabag sa Anti-Torture Act laban sa dating hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at noo'y *deputy director-general* ng National Security Council Antonio Parlade Jr., dating kumander ng 2nd ID MGen. Arnulfo Marcelo B. Burgos Jr, 59th IB Commander na si LtC. Edward Canlas.

Sinampahan din ng pamilya ng kasong illegal detention sina Desiree Salamat ng DSWD-Lopez, Arnil Abrinillo, kasamahan ni Julita, at mga magulang ni Julita na sina Leonita at Vilma Julita.

Noong Pebrero 19, 2020, iniulat ng BHB-Ifugao ang kaso ng panggagahasa ng isang sundalo sa isang dalagita sa Ifugao. Naganap ang unang insidente ng panggagahasa noong Nobyembre 2018, sa noo'y 15-taong gulang pa lamang na bata. Natukoy ang may sala na si Paul Tamang, isang sundalo mula sa 54th IB. Noong Marso 2019, muling nagtungo si Tamang sa bahay ng bata para gahasain siya. Ilang buwan matapos nito, nagtungo sa bahay ng pamilya ang mga tauhan ng 54th IB na kinilalang sina "Wali" at "Bolusan" para mag-alok ng ₱70,000 kapalit ng pananahimik nila. Tumanggi ang pamilya at ang buong komunidad sa alok at nangakong igigiit ang hustisya para sa karahasan at pang-aapi na dinanas ng kanilang katribu.

Pokus: Karahasan laban sa batang Negrense

Dalawampung kaso ng karahasan kung saan sangkot ang mga bata ang naitala ng National Democratic Front sa Negros mula 2020 hanggang sa kasalukuyan. Liban sa tatlong batang pinaslang, may mahigit-kumulang 30 pang bata ang direktang biktima ng intimidasyon, pang-aaresto at pambubugbog ng mga armadong ahente ng estado.. Daan-daan pang mga bata ang apektado sa di bababa 25 insidente ng panghahalihaw, okupasyon, pambobomba at sapilitang pagpapalikas ng militar sa iba't ibang bahagi ng isla.

Noong Nobyembre 2020, isang sanggol na pinaghihinalaang "anak ng BHB" ang pwersahang kinuha ng mga sundalo sa Talisay City dahil utos ng AFP. Isa pang walang kamuwang-muwang na bata, na anak din ng isa pang pinaghihinalaang Pulang mandirigma, ang dalawang ulit na tinangkang ihiwalay sa mga tagapag-alaga noong Marso at Hulyo ngayong taon.

Dalawang bata ang inaresto kasama ang kanilang mga magulang na pinaratangang tagasuporta ng BHB at tinamnan ng mga ebidensyang baril at granada. Isa rito ang 2-taong gulang na anak nina Marites at Ben Salingga, taga-Barangay Nagbinlod, Sta. Catalina, Negros Oriental. Ang isa pa ay si Jonalyn Agaton, 16, na inaresto kasama ang dalawa pa

sa Sityo Bugo, Barangay Buenavista, Himamaylan City.

Matinding takot ang idinulot sa mga bata ng mga panghahalughog, pambabanta, panunutok at walang pakundangang pamamaril ng mga sundalo.

Labis na takot ang idinulot sa isang 5-taong gulang na anak ng mag-asawang Salcedo nang halughugin ang kanilang bahay sa Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Oktubre 27, 2022. Iligal namang idinetine ang pamilyang Carpentero noong Setyembre 20, 2022, kasama ang 1-taong gulang nilang anak.

Noong Mayo 2022, isang estudyanteng nasa ikalimang baytang ang natroma dahil sa pang-iistraping ng mga sundalo sa Sityo Banwa Minatay, Barangay Marcelo, Calatrava. Dalawang bata ang pinaputukan sa Sityo Cantayson, Barangay Maniak, Guihulngan City.

Naitala rin ng NDF-Negros ang pamamaril sa isang bata sa Barangay Marcelo Calatrava, pambabanta sa pamilyang But-ay sa Barangay Carabalan, Himamaylan City, at pananakot kay Christopher Montecino at kanyang ama noong Setyembre 11. Sa Barangay Nabinlod, Santa Catalina, pitong bata, kasama ang 33 pa, ang ginipit ng mga sundalo noong Pebrero 2, 2022; habang dalawang batang magsasaka, kasama ang dalawa pa ang pinagbubugbog noong Marso 29.

Sa pagitan ng 2020 at 2022, nakapagtala ang NDF-Negros ng tatlong kaso ng ebakwasyon kung saan libu-libong mga bata ang apektado. Pinakamalaki rito ang paglikas ng 18,000 residente sa Barangay Carabalan, Himamaylan City noong Oktubre 16, 2022. Hindi ito ang unang pagkakataong nagbakwit ang mga taga-Carabalan. Noong Hunyo 9, 2021, nagbakwit ang mga residente ng Sityo Dala-upon sa naturang barangay dulot ng pambobomba ng militar. Labis na takot ang dinanas nila dahil sa pagtortyur at pagpatay ng mga sundalo sa kababaryo nilang si Erming Pacheco.

Noong Enero 17, 2021, nagbakwit din ang daan-daang residente mula sa mga barangay ng Sandayao, Trinidad, Binobohan, Imelda at Tacpao,

lahat sa Guihulngan City, matapos bombahin mula sa ere at kanyunin ng mga sundalong nakapwesto sa detatsment sa Barangay Trinidad ang magubat na bahagi ng syudad.